5

**Republic of the Philippines**
**Department of Education**
**NATIONAL CAPITAL REGION**
**Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City**

# UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS
(USLeM)

# FILIPINO


**Bumuo sa Pagsusulat ng USLeM**

| | |
|---|---|
| **Manunulat/Tagaguhit:** | Mariciel B. Juson |
| **Tagalapat:** | Hannah Krystelle Q. Del Rosario |
| **Tagasuri ng Nilalaman at Wika:** | Normita C. Supsupin |
| **Tagapamahala:** | Malcolm S. Garma, Regional Director - NCR |
| | Ma. Evalou Concepcion A. Agustin, SDS SDO-Pasig City |
| | Genia V. Santos, CLMD Chief - NCR |
| | Gloria G.Tamayo Regional EPS, FILIPINO |
| | Ma. Teresita E. Herrera, SDO EPS – FILIPINO |
| | Dennis M. Mendoza, LR EPS - NCR |
| | Wilma Q. Del Rosario, LR EPS SDO-Pasig City |
| | Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR |


**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi ipinagbibili.)**

## Aralin 7: Paggamit ng mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling komposisyon

## Mga Inaasahan

Sa pagtatapos ng aralin sa USLeM na ito, ang mag-aaral ay inaasahang:

A. nagagamit ang mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling komposisyon (F5PB-IV-j-20); at

B. nasasagot nang wasto ang mga tanong sa mga inihandang pagsasanay.

## Unang Pagsubok

**Panuto: Hanapin sa loob ng kahon ang mga salita upang mabuo ang komposisyon.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **bayanihan** | **interaksyon** | **kinagisnang** | **mapanuri** | **pandemya** |

**Nakalulungkot! Kailangan maging Matapang**
ni Mariciel B. Juson

Sanay na tayo sa (1) ___________ pamumuhay tulad ng pagpasok sa paaralan, pamamasyal sa *mall* kasama ang pamilya, pagpunta sa simbahan para magsimba, o kaya'y pagdalaw sa bahay nina lolo at lola. Nakalulungkot dahil sa isang iglap lang nabago na ang takbo ng pamumuhay natin dahil lamang sa (2) ___________. Iba't ibang (3) ___________ ang maririnig o mababasa sa telebisyon o sa *social media* tungkol sa nangyayari sa ating bansa. Kailangan nating maging matapang sa bagong sitwasyon ng buhay at maging (4) _____________ sa lahat ng pagkakataon. Nakatutuwang mapakinggan at mapanood sa *social media* na marami pa ring mga Pilipino ang tumutulong sa kapwa at likas talaga sa atin ang tinatawag na (5) ______________.

## Balik-Tanaw

**Panuto: Pakinggan at unawain ang tekstong babasahin. Piliin sa loob ng kahon ang nawawalang mga salita at isulat ang tamang sagot sa patlang na bubuo sa buod ng kuwento.**

| | | |
|---|---|---|
| **pupulin ng mga tao** | **maitim na balak** | **halamang bulaklak** |
| **Tanging hangarin** | **hindi na nagpakita** | |

**Ang Bulaklak ng Rosas**
ni Mariciel B. Juson

Bago kami natulog ni nanay isang gabi, siya ay nagkuwento tungkol sa Alamat ng Rosas dahil ito ang kaniyang paboritong bulaklak. Ito ang buod ng kuwento.

"May isang napakagandang dalaga sa isang pook na nagngangalang Rosa. (1) ____________ lamang niya ay maglingkod sa Panginoon at tumulong sa kapwa. May isang binatang sobrang mahal na mahal si Rosa ngunit ayaw ng dalagang tumanggap ng mga manliligaw kaya't ang binata ay gumawa ng masamang balak sa dalaga. Pinuntahan niya ito sa bahay at ginawa ang (2) ___________ sa dalaga. Nanalangin si Rosa sa Panginoon na huwag matuloy ang masamang balak ng lalaki kaya't biglang naging bangkay ang dalaga. Sa takot ng binata, ibinaon niya ang bangkay ni Rosa sa hardin at (3) _______________ sa pook na iyon kailanman. Mula noon ay hindi na nakita ng mga tao si Rosa at sila'y nalungkot. Isang araw, may (4) ______________ na tumubo sa hardin ni Rosa. Ito'y maganda, mabango at may mga tinik sa tangkay. Ang tinik na nasa tangkay ay inilagay ng Lumikha upang hindi ito (5)_____________. Nasabi ng mga tao sa kanilang sarili, "Si Rosa ito!" Mula noon, ang magandang bulaklak ay tinawag na Rosas.

**Sanggunian: https://www.slideshare.net/criscapilayan/alamat-ng-rosas**

## Maikling Pagpapakilala ng Aralin

Ang araling ito ay ukol sa paggamit ng mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling komposisyon. Nakatutulong ito upang lumawak ang kaalaman ng bawat mag-aaral at mapagyaman ang kanilang talasalitaan.

**Panuto: Basahin nang may pang-unawa ang komposisyon ng may-akda ayon sa kaniyang karanasan.**

**Ang Karanasan ni Ella**

ni Mariciel B. Juson

Paano ka makatutulong upang hindi kumalat ang nakahahawang sakit na ***Covid-19***? May maitutulong ka upang labanan ang ***Covid-19*** at hindi lang pala mga ***eksperto*** sa medisina na pagkakaalam natin.

Sabi ng mga doktor, ang ***Coronavirus*** ay hindi gumagalaw nang mag-isa. Tao ang naglilipat nito sa pamamagitan ng laway na tumatalsik kapag nagsasalita at bumabahing o umuubo. Ang tawag daw dito ay ***transmission*** kaya importanteng gumamit ng ***facemask*** at ***faceshield*** bilang proteksiyon.

Ayon sa pag-aaral, puwedeng mailipat ang ***Coronavirus*** kapag may nahawakang bagay na natalsikan ng laway ng taong may ***Covid-19***. Huwag basta-basta hahawakan ang mata, ilong, bibig, at tainga. Dahil tao ang nakapagpapasa ng ***Coronavirus***, mahalagang iwasan ang paglapit sa isa't isa. Tinatawag itong ***physical distancing*** o kaya ay ***social distancing*** na may isang metro o higit pa ang layo sa isa't isa. Kapag lumalabas ng bahay, magbabaon ng ***alcohol*** kung hindi agad makapaghuhugas ng kamay dahil ito ay bahagi ng ***proper hygiene***. Kung walang importanteng gagawin sa labas, mamalagi na lamang sa loob ng bahay upang makaiwas sa kumakalat na ***virus***.

Dahil na rin sa taas ng bilang ng mga pasyenteng may ***COVID-19***, ang mga tao ay hindi muna pinalalabas ng bahay. Ito ay tinatawag na ***Enhanced Community Quarantine (ECQ)***. Ang pinapayagan lamang na lumabas para bumili ng mga mahahalagang kailangan ay isang miyembro ng pamilya na may ***Quarantine Pass***.

Alam mo ba? Natutuhan kong lahat itong mga impormasyon sa pakikinig ng mga balita sa radyo. Nalulungkot ako na may kaakibat na takot dahil sa paligid ng aming komunidad ay maraming may sakit ng COVID-19 at sila ay naka-***quarantine***. Kaya't ginagawa ko rin ang dobleng pag-iingat sa aking sarili at sa aking pamilya.

Sana magawa nating lahat ang tunay na pag-iingat at labanan natin ang ***COVID-19!***

Mga Tanong:

1. Ano ang paksa ng komposisyon? ______________________________
2. Ano ang nais iparating ng may-akda sa atin? ______________________
3. Paano nangyayari ang *transmission* ng *Coronavirus*? ________________
4. Ano ang mga pag-iingat na binanggit ng may-akda?
   ____________________________________________________
5. Bilang mag-aaral, paano ka makatutulong upang hindi kumalat ang *Coronavirus*? ________________________________________

**Basahin natin ang mga salita at ang kahulugan ng mga ito.**

***eksperto*** – mga propesyonal na nakapagtapos nang masusing pag-aaral sa larangan ng medisina o iba pang pang-akademikong larangan

***Coronavirus (Covid-19) –*** ito ang nakahahawang sakit na kumakalat sa buong mundo

***transmission*** - paglilipat ng *virus* o sakit sa ibang tao sa pamamagitan ng pagbahing at talsik ng laway

***facemask*** – ito ang pangkaraniwang gamit ng mga tao bilang proteksiyon sa kumakalat na sakit

***Quarantine Pass*** - ito ang pasaporteng kailangan upang payagang lumabas at bumili ng mga pangunahing pangangailangan

***Enhanced Community Quarantine (ECQ)*** – ito ang patakarang limitado lamang ang mga taong lalabas ng bahay upang makaiwas sa pagtaas ng bilang ng kumakalat na sakit

Ang **komposisyon** ay isang payak na paraan ng pagsulat. Ang pagsulat ng mga natatanging karanasan, pagbibigay ng interpretasyon sa mga pangyayari sa kapaligiran at puna sa mga nabasang akda o napanood na pagtatanghal ay nagagawa sa pamamagitan ng pagsulat ng komposisyon.

Sa paggawa ng sariling komposisyon mahalaga ang paggamit ng mga bagong salita na nakapaloob sa isang pangungusap. Nakatutulong ito upang makapagbigay ng bagong impormasyon, interes sa mga mambabasa at higit sa lahat ay mapalawak ang bokabularyo upang makabuo ng mas detalyado at komprehensibong komposisyon na mayaman sa impormasyon.

## Gawain

**Panuto: Gumawa ng sariling komposisyon gamit ang mga bagong salita na nasa loob ng kahon mula sa natutuhang aralin. Sundin ang pamantayan sa paggawa ng komposisyon.**

| Puntos | Pamantayan sa Paggawa ng Komposisyon |
|---|---|
| 5 | Pinakamahusay ang paggawa ng sariling komposisyon gamit ang mga bagong salita, may angkop na pamagat, tamang gamit ng mga salita, baybay at mga bantas |
| 4 | Mahusay ang paggawa ng sariling komposisyon ngunit may 1 kakulangan batay sa pamantayan |
| 3 | Katanggap-tanggap ang sariling komposisyon ngunit may 2 o 3 kakulangan batay sa pamantayan |
| 2 | Mapaghuhusay pa ang sariling komposisyon ngunit may 4 na kakulangan batay sa pamantayan |
| 1 | Nangangailangan pa ng pantulong na pagsasanay dahil hindi nakasunod sa pamantayan |

***eksperto***  ***Enhanced Community Quarantine (ECQ)***
***social distancing***  ***facemask***  ***faceshield***  ***COVID-19***

______________________________
(Pamagat)

____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
____________________________________________________________
________________________________________.

## Tandaan

**Panuto**: **Punan ng wastong sagot ang patlang upang mabuo ang kaisipan ng ating aralin.**

| karanasan | komposisyon | salita | mabuti | teksto |
|---|---|---|---|---|

1. Mahalagang magamit ang mga bagong natutuhang salita sa paggawa ng sariling ________________.
2. Makinig nang __________at unawain ang bawat detalye ng tekstong napakinggan at nabasa upang magkaroon ng ideya sa paggawa ng sariling komposisyon.
3. Maging bukas ang isip sa babasahing __________upang mailagay ang sarili sa sitwasyon.
4. Itala ang mga bagong natutuhang ________ upang magkaroon ng pang-unawa sa tekstong binasa o napakinggan.
5. Ilahad ang sariling __________ na naaayon sa nabasang teksto upang makagawa ng sariling komposisyon.

## Pag-alam sa mga Natutuhan

**Panuto: Basahing mabuti ang bawat pangungusap. Isulat sa patlang kung TAMA o MALI ang pahayag sa bawat bilang.**

.

_____ 1. Sa paggawa ng sariling komposisyon mahalagang gumamit ng mga bagong natutuhang salita.

_____ 2. Ang komposisyon ay isang payak na paraan ng pagsulat.

_____3. Ang paggawa ng sariling komposisyon hindi ito nakatutulong sa pagbibigay ng bagong impormasyon o interes sa mambabasa.

.

_____ 4. Mahalaga ang may malawak na bokabularyo sa paggamit ng mga bagong natutuhang salita upang makabuo ng mas detalyado at komprehensibong komposisyon.

_____ 5. Mas mainam ang paggawa ng sariling komposisyon kung ito ay may limitadong impormasyon lamang.

## Pangwakas na Pagsusulit

**Panuto: Piliin ang tamang salita sa loob ng kahon upang mabuo ang komposisyon.**

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **matuldukan** | **pandemya** | **disgrasya** | **kababayan** | ***protocol*** |

**Maging Ligtas Saanman!**
ni Mariciel B. Juson

Ang wastong paggamit ng bisikleta ay makasisiguro ng iyong kaligtasan. Mag-doble ingat para makaiwas sa (1) __________. Iwasang makipagsiksikan upang maging ligtas sa pagko-*commute*. Ugaliing sundin ang mga (2)_____________ para makaiwas sa *COVID-19* at para 'di mahawa sa iba. Ito ang (3) ________________ na kinahaharap ng buong mundo. Alalahanin natin ang mga (4)____________ nating kabilang sa *vulnerable groups* tulad ng matatanda, mga may sakit at mga maseselan kung magbuntis. Sa pagsunod nang tama sa mga nakatataas sa pamahalaan ay isang paraan upang (5) ____________ ang krisis na nararanasan.

## Susi sa Pagwawasto

**Unang Pagsubok**

1. kinagisnang
2. pandemya
3. interaksiyon
4. mapanuri
5. bayanihan

**Tandaan**

1. komposisyon
2. mabuti
3. teksto
4. salita
5. karanasan

**Pangwakas na Pagsusulit**

1. disgrasya
2. protocol
3. pandemya
4. kababayan
5. matuldukan

**Balik Tanaw**

1. Tanging hangarin
2. maitim na balak
3. hindi na nagpakita
4. halamang bulaklak
5. pupulin ng mga tao

**Pag-alam sa mga Natutuhan**

1. TAMA
2. TAMA
3. MALI
4. TAMA
5. MALI

**ARALIN (Sagot sa mga Tanong)**

1. tungkol sa karanasan ni Ella
2. maging maingat upang hindi mahawa ng *COVID-19*
3. ang transmission ay paglilipat ng taong maysakit sa pamamagitan ng pagbahing o pag-ubo at na pagtalsik ang laway sa ibang tao
4. ugaliing maghugas ng kamay, mag-*alcohol*, magsuot ng facemask at faceshield, quarantine sa loob ng bahay
5. iwasang lumabas ng bahay at ugaliing maghugas ng kamay

**Gawain (Tala sa Guro: Ang guro ang magbibigay ng puntos sa komposisyon na ginawa ng mga mag-aaral.)**

| Puntos | Pamantayan sa Paggawa ng Komposisyon |
|---|---|
| 5 | Pinakamahusay ang paggawa ng sariling komposisyon gamit ang mga bagong salita, may angkop na pamagat, tamang gamit ng mga salita, baybay at mga bantas |
| 4 | Mahusay ang paggawa ng sariling komposisyon ngunit may 1 kakulangan batay sa pamantayan |
| 3 | Katanggap-tanggap ang sariling komposisyon ngunit may 2 o 3 kakulangan batay sa pamantayan |
| 2 | Mapaghuhusay pa ang sariling komposisyon ngunit may 4 na kakulangan batay sa pamantayan |
| 1 | Nangangailangan pa ng pantulong na pagsasanay dahil hindi nakasunod sa pamantayan |

## Sanggunian

**A. Pampamahalaang Publikasyon**

Department of Edukasyon K to 12 Gabay Pangkurikulum:
Mayo 2016 (F5PN-Ia-4)
Dep Ed Most Essential Learning Competencies (F5PB-IV-j-20)

**B. Online O Elektronikong Pinagmulan**

https://www.slideshare.net/criscapilayan/alamat-ng-rosas